ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo LV Blg. 19
Oktubre 7, 2024
www.philippinerevolution.nu

EDITORYAL

# Makiisa sa walang-tinag na pakikibaka ng mamamayang Palestino

Eksaktong isang taon ang nakaraan nang sinimulan ng Zionistang estado ng Israel ang walang-habas na pambobomba, paglusob at pananakop sa Gaza Strip, lupain ng Palestine. Sa suporta ng imperyalismong US, pinaigting ng mga pwersang Zionista ang gerang henosidyo laban sa mga Palestino, gamit ang tone-toneladang bomba para pulbusin ang buong Gaza.

Hindi bababa sa 41,000 tao, kabilang ang 27,000 kababaihan at mga bata ang kinitil sa paulit-ulit na pagmasaker sa buo-buong mga pamilya at komunidad. Napalayas sa kanilang mga tahanan ang halos buong populasyong 2.1 milyon sa Gaza. Sadyang tinarget ng pambombomba ang mga gusaling pangnegosyo at paninirahan, ospital, eskwelahan, mga planta ng kuryente, sistema ng patubig, mga kalsada at iba pa. Sukdulan ang pagdurusa ng mamamayan ng Gaza dahil sa gutom at sakit, kawalan ng maiinom, pagkawasak ng sanitasyon at paglumpo sa sistemang pangkalusugan. Hindi nilubayan ng pag-atake ng Israel maging ang mga taong midya at mga internasyunal na ahensyang nagdadala ng tulong.

Napakalaking kabulastugan ang pagbibigay-katwiran ng mga Zionista, ng US at ng mga kaalyadong imperyalistang bansa. Iginigiit nila na ang walang-tugot na pambobomba sa Gaza ay bahagi ng "karapatan ng Israel na ipagtanggol ang sarili," gayong ang tinarget nito ay walang kalaban-labang populasyon. Ang pambobomba sa Gaza ay tahasang paglapastangan sa internasyunal na makataong batas at kahindik-hindik na mga krimen sa digma.




Ang teroristang gera ng Zionistang Israel sa Gaza ay hindi pantay na tugon sa armadong pag-aalsang isinagawa noong Oktubre 7, 2023 ng iba't ibang mga mandirigmang nakikibaka para sa kalayaan ng Palestine. Noong araw na iyon, naglunsad sila ng mga armadong opensiba laban sa mga base militar at pasilidad sa Israel at kumuha ng mga bihag. Isinagawa iyon ng malawak na hanay ng mga grupong lumalaban sa Palestine, kabilang ang mga pwersang Islamiko (Hamas), ang People's Front for the Liberation of Palestine, pati na rin ang iba pang demokratiko, armado at di-armadong rebolusyonaryong pwersa.

Ang pag-aalsa, na tinaguriang Operation Al-Aqsa Flood, ay naglayong labanan ang tumitinding pang-aapi at pampulitikang panunupil ng Zionistang Israel laban sa mga Palestino sa Gaza at sa Occupied West Bank. Iyon ngayon ay dagdag na makasaysayang kabanata sa nagpapatuloy na pakikibaka ng mamamayang Palestino para sa pambansang pagpapalaya at karapatan sa sariling pagpapasya.

Mahigit 75 taon na ang nakalipas nang isinagawa ng mga pwersang Zionista o ultra-nasyunalistang Hudyo, na may suporta ng imperyalismong US at Britanya, ang mga masaker at iba't ibang anyo ng karahasan upang itaboy ang 700,000 Palestino mula sa kanilang mga tahanan at lupa at hawanin ang daan para itatag ang estadong Hudyo ng Israel. Dahil sa Al Nakba (o Ang Sakuna), napilitang tumakas at mag-ipon ang mga Palestino patungong Jordan (West Bank) at sa Gaza Strip (sa hangganan ng Egypt), o magpasukob sa iba't ibang panig ng mundo. Mula noong 1967, sinakop ng Zionistang Israel ang West Bank at ikinulong ang mga Palestino sa mga binakurang komunidad. Ang Gaza Strip ay naging malaking bilangguan na palagiang binabantayan at sinasalaky ng mga pwersang Israeli.

Ang kalupitan at barbarismo ng 75 taong Zionista at imperyalistang pang-aapi ay tinutumbasan lamang ng masigasig at walang humpay na paglaban ng mamamayang Palestino. Ipinamamalas nila ang kanilang determinasyong lumaban sa pamamagitan ng mga digmaan at Intifada (Pag-aalsa), kung saan ipinakita ang katapangan at walang pag-iimbot na sakripisyo ng di-mabilang na martir. Ang armadong opensiba noong Oktubre 7, 2023 ay panandang-bato ng makasaysayang paglaban ng mamamayang Palestino para palayain ang kanilang bayan mula sa tanikala ng pang-aapi.

Ang Zionistang estado ng Israel ay lubos na sinusuportahan ng US at mga kaalyadong imperyalistang bansa. Dagdag sa taunang ayudang $3.8 bilyon, nagbigay ang US ng hindi bababa sa $12.5 bilyong ayudang militar mula Oktubre 2023 sa anyo ng mahigit 10,000 toneladang mga bomba na ginamit sa maramihang pagpatay sa mamamayang Palestino. Nagbingi-bingihan ito sa pandaigdigang pagbatikos sa henosidyo sa Gaza, habang sumirit ang tubo ng mga kumpanyang Amerikanong gumagawa ng armas. Ipokrito ang panawagan ng gubyernong Biden para sa tigil-putukan at layunin lamang na labusawin ang papel nito sa henosidyo. Ang tunay nitong layunin ay patuloy na gamitin ang Israel na tuntungan para panatilihin at palakasin ang hegemonya nito sa Middle East para siguruhin ang kanyang interes sa malawak na reserbang langis at iba pang rekurso.

Taglay ang patagong suporta ng US, pinatindi pa ng Israel ang digmaan sa Middle East sa pamamagitan ng pag-atake sa Lebanon, Yemen, Syria at Iran, na pawang mahigpit na sumusuporta sa paglaban ng mamamayang Palestino sa henosidyo ng Israel. Ang pagpapasabog ng mga misayl sa Lebanon ay pumaslang sa mahigit 500 sibilyan, kasabay ng asasinasyon sa ilang lider ng kilusang Hezbollah. Bilang *proxy* ng US, nais ng Israel na udyukin ang mas malawak na digmaan sa Middle East, na tumatarget sa mga bansang matatag na nagtatanggol sa kanilang soberanya, lalo na ang Iran, na hayagang idineklara ng US na kaaway nito. Ang pang-uudyok ng mas malawak na gera at pagkahayok sa digmaan ng Israel at US ay malinaw na mga tanda ng pagkabangkarote ng imperyalismo.

Sa buong mundo, milyun-milyon ang nagpahayag ng kanilang labis na poot sa henosidyo sa Gaza, pati na sa okupadong West Bank. Sa kabila ng mga tangkang supilin ang kanilang mga protesta, tulad sa US at ibang bansa, hindi sila napaaatras dahil humuhugot sila ng inspirasyon sa walang hanggang determinasyon ng mamamayang Palestino at kanilang mga rebolusyonaryong pwersa na ipagpatuloy ang kanilang paglaban.

Dapat ibigay ng sambayanang Pilipino ang walang-hanggang suporta sa mamamayang Palestino sa walang-tinag nilang pakikibaka para sa pambansang pagpapalaya at karapatan sa pagpapasya-sa-sarili. Ang pakikibaka ng mamamayang Palestino ay mahigpit na nakaugnay sa pakikibaka ng sambayanang Pilipino, ng lahat ng aping mamamayan at mga bansang nagtatanggol sa pambansang kasarinlan laban sa imperyalistang panghihimasok at mga digmaan. Ang tagumpay ng mamamayang Palestino, ay tagumpay ng lahat ng aping mamamayan sa buong mundo. AB

ANG Bayan

Tomo LV Blg. 19 | Oktbre 7, 2024

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles. Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

## Nilalaman

| | |
|---|---|
| **Editoryal:** Makiisa sa walang-tinag na pakikibaka ng mamamayang Palestino | 1 |
| Walang-maliw na pakikibaka ng Palestine | 3 |
| Makabayan, babangga sa mga dinastiya sa eleksyon | 4 |
| Paawagan para saa irigasyon at kumpensasyon | 4 |
| Isnayp, inilunsad ng BHB-Western Samar | 5 |
| Ika-52 anibersaryo ng batas militar, ginunita | 5 |
| Atake sa mga magsasaka, lumalala | 6 |
| Unyon sa Nexperia, nagkamit ng tagumpay | 6 |
| Mga protesta | 6 |
| RCSP ng AFP, pahirap sa Masbate at Mindoro | 7 |
| Sa madaling salita | 8 |
| AVC: Tadtad ng mapangwasak na mga mina | 9 |
| Pandaigdigang kongreso kontra pasismo, inilunsad | 10 |

Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

ang.bayan@cpp.ph

# Walang-maliw na pakikibaka para palayain ang Palestine




Isang taon mula ilunsad ng Zionistang Israel, sa suporta ng imperyalistang US, ang pinatinding kampanya ng henosidyo laban sa mga Palestino sa Gaza Strip, Palestine, patuloy ang magiting na paglaban ng iba't ibang mga organisasyon ng mga Palestino para biguin ang pananalakay at tuluyang palayain ang kanilang bansa. Armas ng mga Palestino ang armadong pakikibaka, mga kilusang masa ng iba't ibang mamamayan sa buong daigdig, pakikipag-ugnayan sa internasyunal na mga korte at iba pang mga katulad na aksyon.

**Armadong paglaban**

Sa nagdaang taon, tuluy-tuloy na inilunsad ng mga armadong grupong Palestinian sa Gaza Strip ang pag-atake sa sumasalakay na Israeli Defense Forces (IDF). Sa huling tala, hindi bababa sa 715 mga upisyal at sundalong Israeli, mayorya sakay sa portipikadong mga tangke, ang napaslang sa mga ito. Ang mga pag-atakeng ito ay pinangungunahan ng Izz ad-Din al-Qassam Brigades, ang armadong bisig ng grupong Hamas ng Palestine, sa suporta ng iba pang mga grupo sa Gaza at okupadong West Bank.

Ang mga ito ay bahagi ng Operation Al-Aqsa Flood na sinimulan noong Oktubre 7, 2023 laban sa terorismo ng Israel. Nagsimula ito sa pagpapakawala ng halos 5,000 misayl na tumarget sa mga base at pwersang militar ng Israel. Ayon sa Hamas, ang atake ay isang depensibong armadong aksyon na tugon sa 75-taon nang pagdurusa ng kanilang mamamayan.

Gumagamit ang al-Qassam Brigades ng mga taktikang gerilya, kakumbina ang kaalaman sa tereyn at ilang abanteng kagamitang pandigma tulad ng sumasabog na mga drone at *anti-tank missile*, para patamaan ang mananakop na pwersa ng Israel sa Gaza Strip.

Bilang suporta at pagkilala sa Palestine, naglulunsad din ng armadong atake ang mga grupo tulad ng Houthi ng Yemen, Hezbollah ng Lebanon at ilan pang iba para pilayin ang kakayahan at suportang militar na pumapasok sa Zionistang Israel.

**Itigil ang henosidyo**

Sa harap ng pagpulbos ng Zionistang Israel sa Gaza Strip, bumuhos ang internasyunal na suporta sa panawagang itigil ang henosidyo at ganap na palayain ang Palestine sa pananakop. Tuluy-tuloy ang panawagan para sa tigil-putukan para isalba ang mga sibilyan.

Kabilang dito ang higanteng mga rali katulad ng 300,000 demonstrasyon sa United Kingdom noong Nobyembre 2023; mga kampuhan ng mga estudyante sa hindi bababa sa 130 unibersidad sa United States, France, Australia, Japan at iba pa; ang kampanyang Boycott, Divestment, Sanctions (BDS) laban sa mga korporasyong sangkot sa henosidyo ng Israel at iba pang tipo ng pagkilos.

Sa Pilipinas, inilunsad ng mga grupong pambansa-demokratiko sa pangunguna ng Bagong Alyansang Makabayan (Bayan) at Philippines-Palestine Friendship Association ang mga protesta ng pagsuporta sa Palestine at panawagang wakasan ang henosidyo ng US-Israel dito. Noong Oktubre 5, muling nagsagawa ng protesta ang Bayan malapit sa embahada ng US para gunitain ang isang taon nang henosidyo sa Gaza. Itinatag rin sa maraming bahagi ng bansa ang mga network ng mga organisasyong sumusuporta sa Palestine. Kinalinga at kinanlong ng ilang mga grupo ang mga Pilipino at Gazan na nataboy mula sa Gaza Strip tungo sa Pilipinas.

Mismong ang International Court of Justice (ICJ), ang pangunahing organo sa hustisya ng United Nations (UN), ay ilang ulit nang naglabas ng mga desisyon na dapat ihinto ang mga pag-atake at "kaagad na tanggalin" ang mga pwersang mananakop ng IDF sa mga teritoryong ito ng Palestine.

Natulak na rin ng brutal na kaganapan sa Gaza ang UN Security Council na mag-endorso ng isang resolusyon noong Hunyo 11 para sa yugtu-yugtong pagpapatupad ng tigil-putukan sa Gaza. Ang planong ito ay pekeng itinulak ng US para labusawin ang kriminal na responsibilidad sa henosidyo. Umani ito ng 14 na boto sa naturang konseho at isang absteyn.

Kaugnay nito, mismong ang Hamas ay sumusuporta sa posibleng tigil-putukan ngunit anila, dapat nakatuntong ito sa permanenteng pag-atras ng Israel mula sa kanilang lupain. Tahasan itong tinanggihan ng Zionistang Israel sa mga batayang ito at sa halip higit pang pinatitindi ang mga pag-atake. AB

# Koalisyong Makabayan, babangga sa mga dinastiya at trapo sa eleksyong 2025

Pormal na inianunsyo ng Koalisyong Makabayan sa pambansang kumbensyon nito sa San Andres Sports Complex sa Maynila noong Setyembre 28 ang kanilang plataporma, mga kandidato pagkasenador at mga nominado ng mga partidong tatakbo sa eleksyong *party-list*. Halos napuno ng higit 3,000 mga tagasuporta at kasapi ng koalisyon ang benyu.

Sa talumpati ni Ka Paeng Mariano, lider-magsasaka at isa sa mga tagapangulo ng koalisyon, ibinahagi niyang iinog ang kampanya ng Makabayan sa pagtataguyod ng pakikibaka para sa pambansang demokrasya para sa kagyat na ginhawa ng taumbayan at kasarinlan ng bansa.

Batid ng koalisyon ang reyalidad na ang halalan ay dominado ng mga pampulitikang dinastiya at tradisyunal na pulitiko na kumakatawan sa interes ng mga oligarkiya, panginoong maylupa, at mga dayuhang mandarambong.

Magpapatakbo ito ng 11 kandidato pagkasenador at apat na mga progresibong *party-list* na kumakatawan sa kababaihan, guro, kabataan at ibang demokratikong sektor.

Ang mga kandidato ng koalisyon sa pagkasenador ay sina Teacher France Castro, Rep. Arlene Brosas, Jerome Adonis, Liza Maza, Ronnel Arambulo, Teddy Casiño, Danilo Ramos, Jocelyn Andamo, Mody Floranda, Mimi Doringo, at Amirah Lidasan. Pangungunahan naman ni Atty. Neri Colmenares ang Bayan Muna Party-list, ni dating Rep. Sarah Elago ang Gabriela Women's Party, ni dating Rep. Antonio Tinio ang ACT Teachers Party-list at Atty. Renee Co ang Kabataan Party-list.

Sa pagtitipon, nagbigay ng mensahe ng pakikiisa ang kandidato sa pagkasenador na si Francis "Kiko" Pangilinan. Nagpahayag naman ng buong suporta sa mga kandidato ng koalisyon ang bagong-tatag na Health Workers Party-list. Unang nominado ng partido si Robert Mendoza, isang kumadrona at pambansang pangulo ng Alliance of Health Workers.

Ang kumbensyon ay pormal na isinara nina Ka Satur Ocampo, isa sa mga haligi ng koalisyon at tumatayong *president emeritus* nito, at Rep. Raoul Manuel, isa sa mga bagong halal na tagapangulo ng Makabayan.

Naghain ng sertipiko ng kandidatura ang mga kandidato pagkasenador ng Makabayan noong Oktubre 4.

**Laban sa lokal.** Magpapatakbo rin ng ilang kandidato ang koalisyon sa antas lokal. Noong Setyembre 30, inianunsyo ng Koalisyong Makabayan-National Capital Region (NCR) ang anim na kandidato nito sa pagkakonsehal sa Caloocan District 1, Marikina District 2, Valenzuela District 2, Muntinlupa District 1, at Taguig District 1. Ipinakilala sila sa panrehiyong asembliya sa Sta. Mesa, Manila.




Ayon sa Makabayan-NCR, pagkakataon ang eleksyong 2025 para itampok ang mga isyung pambayan ng mga demokratikong sektor sa rehiyon. "Mula Senado hanggang konseho, taumbayan ipanalo!" ang panawagan ng grupo.

**Kandidato ng mga Marcos at Duterte**

Kabaligtaran sa tiket ng Makabayan, ipinakilala ng rehimeng Marcos ang mga manok nito sa senado sa darating na eleksyong 2025 sa inilunsad na pampulitikang pagtitipon noong Setyembre 26 sa Pasay City. Kabilang sa 12 kandidato pagkasenador ng administrasyon ang mga kilalang panginoong maylupa, burgesyang kumprador, at burukratang kapitalista mula sa mga dinastiyang pampulitika.

Ang mga manok ni Marcos ay nakapailalim sa bagong lunsad na "Alyansa para sa Bagong Pilipinas" na kinabibilangan ng limang partido. Nagsama-sama ang Partido Federal ng Pilipinas (PFP), Lakas-Christian Muslim Democrats (CMD), Nationalist People's Coalition (NPC), Nacionalista Party (NP) at National Unity Party (NUP) para buuin ang pusakal na koalisyon.

Ipinakikita ng alyansa ang nagkakaisang pagyuko kay Marcos ng ilang partidong pampulitika, subalit inaasahan ng PKP na madali rin itong mabubuwag tulad ng "uni-team" ni Marcos sa mga Duterte noong 2022. Pare-pareho silang itinutulak ng makasariling interes na makihati sa pakinabang sa korapsyon at pribilehiyo, at malao'y magkakanya-kanya sa paghahabol sa kani-kanilang interes pampulitika.

Samantala, magpapatakbo ang pangkating Duterte ng di bababa hindi bababa sa apat na kandidato sa pagkasenador sa ilalim ng partido nitong PDP-Laban.

# Irigasyon at kumpensasyon, panawagan ng mga magsasaka

Mula Ilocos hanggang Bicol, pareho ang hinaing ng mga magsasaka sa kainutilan at kapabayaan ng rehimeng Marcos sa harap ng malawakang pinsala sa agrikultura na dulot ng magkasunod na mga sakunang humambalos sa bansa.

Nakipagdayalogo ang mga magsasaka mula sa Malolos City, Plaridel at Calumpit, lahat sa Bulacan, sa National Irrigation Administration noong Setyembre 26, para igiit ang kagyat na pagsasaayos ng mga sistema ng irigasyon na pininsala ng El Niño at La Niña. Anila, ang hindi maayos na imprastrukturang irigasyon ay nagdulot ng paulit-ulit na pagbaha sa panahon ng tagbik o *high tide*, sobrang pagkapinsala ng kanilang mga pananim at pagpasok ng tubig-dagat sa kanilang mga sakahan.

Anila, habang isinasaayos ang imprastruktura bilang matagalang solusyon, dapat kagyat na maglaan ang gubyerno ng kinakailangang mga gamit, tulad ng mga *motor pump* at *deep well*, para agad na tugunan ang pangangailangan sa produksyon.

Sa Ilocos Norte, umabot na sa ₱87 milyon ang pinsala sa mga pananim, kasama ang karagdagang ₱385,000 na nawala sa mga alagang hayop dulot ng Bagyong Julian na tumama noong Oktubre 2. Bumabangon pa lamang ang prubinsya mula sa sunud-sunod na epekto ng El Niño at nakaraang mga sakuna, kabilang ang pagbaha mula sa Bagyong Carina at hanging habagat, na labis na nakaapekto sa sektor ng agrikultura.

Iginigiit ng mga magsasaka rito ang ₱25,000 subsidyong pamproduksyon, ₱15,000 subsidyo para sa mga mangingisda, at ₱10,000 tulong sa pinansya para sa lahat ng naapektuhan ng bagyo at mga pagbaha.

Sa Bicol, subsidyo at kumpensasyon din ang panawagan ng mga magsasaka mula sa Libon, Albay at Nabua at Bato, sa Camarines Sur. Halos 400 ektarya ng palay ang nananatiling nakalubog sa tubig-baha dulot ng magkasunod na mga bagyo. Kalakhan nito ay aanihin na sana noong Setyembre. Nagtatagal ang tubig baha mula isa hanggang dalawang buwan bago mawala, at umaabot sa taas na mula bewang hanggang lagpas tao (mga 6-7 talampakan). Tinatayang nasa 90-100% ang napinsala sa mga tanim sa mga binahang palayan. Panawagan ng mga magsasaka ang paglalatag ng mga dike, tulong para sa pagbili ng *farm inputs* at kapital para sa paghahanda ng lupa at sa pagtatanim. AB

## Isnayp, kontra-atake, inilunsad ng BHB-Western Samar

SA HARAP NG pinatinding operasyong kombat at pandudumog ng mga yunit ng Armed Forces of the Philippines (AFP) sa mga barangay sa Samar, nakapaglunsad ng isnayp at mga kontra-atake ang Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Western Samar (Arnulfo Ortiz Command).

Noong Setyembre 16, inisnayp ng BHB ang nagkakampo na mga elemento ng 87th IB sa Barangay Canvais, Motiong, Samar. Sa paunang ulat, nasugatan ang nagbabantay na tropa ng militar.

Noong Setyembre 14, naunang nakapagpaputok ang mga Pulang mandirigma laban sa nakasalubong nitong nag-ooperasyong yunit ng 46th IB sa Barangay Dugungan, Jiabong. Napatay sa engkwentro ang isang sundalo ng 46th IB habang isa ang napaulat na malubhang nasugatan.

Noon namang Setyembre 11, binigo ng isang yunit ng BHB-Western Samar ang tangkang pag-atake ng 46th IB sa kanilang kampo sa Barangay Salvacion, Jiabong. Anang BHB, nagdamit sibilyan at nag-astang Pulang hukbo ang mga sundalo para manlinlang sa masa. Naagaw ng mga Pulang mandirigma ang inisyatiba sa labanan at aktibong nakapagdepensa laban sa kaaway.

## Ika-52 anibersaryo ng batas militar, ginunita sa koordinadong mga protesta

SA PANGUNGUNA NG mga pambansa-demokratikong organisasyon at iba pang progresibo, ginunita ng iba't ibang mga sektor ang ika-52 anibersaryo ng pagpataw ni Ferdinand Marcos Sr ng batas militar sa mga protesta sa loob at labas ng bansa. Pinamunuan ang mga pagkilos ng Bagong Alyansang Makabayan (Bayan).

"Ginugunita natin ngayong taon ang anibersaryo ng deklarasyon ni Ferdinand Marcos Sr ng batas militar na may kasabay na galit sa nagpapatuloy na mga paglabag sa karapatang-tao, mga karapatang sibil at sa internasyunal na makataong batas sa ilalim ng kanyang anak na si Ferdinand Marcos Jr," ayon sa mga grupo.

"Nagpapatuloy ang kawalang pakundangan, kasabwat ang nakatataas sa pulitika at ekonomya na suportado ng gubyernong US." Anila, tulad noong panahon ng batas militar, hinahadalangan ngayon ng mga pasistang makinarya tulad ng NTF-Elcac, mga batas tulad ng Anti Terrorism law at ang bundat na militar at pulis ang hangarin ng mamamayan para sa demokrasya, panlipunang hustisya, karapatang-tao at kapayapaan.

Nagkaroon ng mga pagkilos sa Metro Manila, Laguna, Daraga at Legazpi City sa Albay, Baguio, Iloilo City at Capiz sa Panay, Cebu, Bacolod, Tacloban at Davao. Sa labas ng bansa, nagkaroon ng mga pagkilos sa siyam na syudad sa US sa pangunguna ng Bayan-USA.

Liban sa mga rali, nagkaroon ng mga film showing, misa, kultural na pagtatanghal at pagsisindi ng kandila bilang pagkilala sa namartir sa laban sa diktadura at pagbalik-tanaw sa kilusang nagpatalsik kay Marcos Sr.

# Atake sa mga magsasaka sa Masbate, Palawan at iba pa, lumalala

Patuloy na tumitindi ang teroristang kampanya ng panunupil ng rehimeng US-Marcos at kasabwat na mga panginoong maylupa laban sa masang magsasaka sa kanayunan. Sa nagdaang mga linggo, naitala ang kaso ng pagpatay sa mga magsasaka sa Masbate, pag-aresto sa Palawan, at pangangamkam ng lupa at pagpapalayas sa Bataan, Cavite, Laguna, Cebu, at Iloilo.

**Pagpaslang.** Dalawang magsasaka ang pinaslang ng mga sundalo ng 2nd IB sa Purok 3, Barangay Simawa, Uson, Masbate noong Setyembre 26. Ang pinaslang na sina Roger Clores at Ronnel Abril ang ika-34 at ika-35 biktima ng pamamaslang ng 2nd IB sa prubinsya.

Pinabulaanan ng taumbaryo ang pinalalabas ng militar na napatay ang dalawa sa isang engkwentro, kung saan nakakumpiska pa diumano ng iba't ibang klase ng mga baril. Pinatotohanan nilang kababaryo nila si Clores at Abril.

**Pag-aresto.** Iligal na inaresto si Sefriano Liabres, organisador ng Samahan ng mga Magsasaka at Katutubo ng Mindoro, sa Taytay, Palawan noong Oktubre 1. Nagpapagamot siya nang damputin siya ng mga pulis.

**Pangangamkam ng lupa.** Ilang ulit na pinaputukan ng mga maton ng Hacienda Borromeo ang mga magbubukid ng Barangay Pandacan, Pinamungahan, Cebu noong Setyembre 23. Nilalabanan ng mga magbubukid na kasapi ng Baybay II Farmers Association ang pagpapalayas sa kanila. Ilang henerasyon na silang nagbubungkal sa naturang asyenda.

Sa Iloilo, siyam na pamilyang magsasaka sa Barangay San Jose, San Miguel ang pwersahang pinalayas sa kanilang mga tahanan noong Oktubre 2 ng Communities Iloilo Inc, isang subsidyaryo ng Vista Land & Lifescapes Inc, kumpanyang pag-aari ng pamilyang Villar. Bantog ang mga Villar sa pang-aagaw ng mga lupang pang-agrikultura at pagpapalit-gamit ng mga ito tungo sa mga subdibisyon.

Sa Laguna, umalma ang mga magbubukid na residente ng Barangay Casile, Cabuyao sa pagbabakod ng Emirates Security Agency at Santa Rosa Realty Development Corporation, pag-aari ng mga Yulo, sa 24-ektaryang lupain sa barangay noong Setyembre 23. Dahil sa pagbakod at pagbabanta ng mga gwardya, hindi mapuntahan ng mga magbubukid ang kanilang mga tanimam. Ang pamilyang Yulo ay isa sa pinakamalalaking panginoong maylupa sa prubinsya.

Sa Cavite, mahigit 100 tauhan ng pulis at militar sa ilalim ng Task Force Ugnay ng 202nd IBde ang muling nagtangkang pumasok sa Lupang Ramos sa Dasmariñas City noong Setyembre 26. Bago ito, isang buwan nang ilang ulit na inatake ng mga pwersa ng estado ang naturang asyenda para buwagin ang pagkakaisa ng mga magbubukid. AB

## Unyon sa Nexperia, tagumpay sa paggiit ng mga hinaing

NAITULAK NG Nexperia Phils. Inc. Workers Union-National Federation of Labor Unions-Kilusang Mayo Uno ang maneydsment ng Nexperia Philippines na galangin ang unyon at karapatan ng mga manggagawa sa katiyakan sa trabaho. Sa isang kasunduang naabot noong Setyembre 18, nangako ang kumpanya na ibabalik ang mga tinanggal, palalawigin ang mga benepisyo at palalakihin ang *separation pay* ng mga manggagawa bago sumapit ang Oktubre 7.

Naitulak din ng unyon ang maneydsment na mangakong wala nang magaganap na tanggalan hanggang katapusan ng taon at magtutuluy-tuloy na ang negosasyon para sa panibagong *collective bargaining agreement*. Dahil dito, pansamantalang iniatras ng unyon ang planong welga na pinagbotohan ng mga manggagawa noong Hulyo.

***Impeach* Sara, ipinanawagan.** Nagpiket sa harap ng Kongreso noong Setyembre 23 ang mga grupong pambansa-demokratiko para ipanawagan ang pagtatanggal kay Sara Duterte bilang bise presidente. Ayon sa Bayan, karapat-dapat nang patalsikin si Duterte dulot ng maanomalya niyang paggastos sa *confidential* at *intelligence funds* na iginawad sa kanyang upisina noong nakaraang mga taon. Anito, maituturing itong "betrayal of public trust" na maaaring basehan para maghain ng *impeachment complaint* laban sa kanya sa Kongreso.

**2-araw na tigil-pasada laban sa *jeepney phaseout*, nagtagumpay.** Matagumpay na inilunsad ng mga grupong Piston at Manibela ang dalawang araw na tigil-pasada noong Setyembre 23-24 laban sa *jeepney phaseout* at para sa pagbabalik ng indibidwal na prangkisa. Umabot sa 90% ang pagkaparalisa sa mga mayor na ruta sa Metro Manila sa dalawang magkasunod na araw. Itinayo ng mga samahan ng tsuper at opereytor ang 11 sentro ng welga at protesta sa naturang mga araw.

Nagkaroon ng kasabay na tigil-pasada at protesta ang mga grupo sa Calabarzon, Baguio, Bicol, Negros, Panay at iba pang mga rehiyon. Nanawagan ang mga lokal na samahan sa kani-kanilang lokal na gubyerno at ahensya na ibasura ang mga *local public transport route plan* na lokal na bersyon ng PTMP.

# RCSP ng AFP, pahirap sa mamamayan sa Masbate at Mindoro



Mula Luzon hanggang Mindanao, patuloy na nananalasa sa kanayunan ang Retooled Community Support Program (RCSP) ng mga yunit ng Armed Forces of the Philippines. Ang programang ito ay nakapailalim sa Development Support and Security Plan ng "Oplan Kapayapaan" na programa pa rehimeng Duterte na ipinagpapatuloy ni Ferdinand Marcos Jr.

Ang RCSP, sa esensya, ay ang Special Operations Team noon pang Oplan Lambat Bitag ng dekada 1990. Tinawag din itong "Community Organizing for Peace and Development" at "Community Support Program" sa ilalim ng Oplan Bayanihan ng rehimeng Aquino. Bahagi ito ng kontra-rebolusyonaryong estratehiya na ipagkait sa rebolusyonaryong armadong kilusan ang "pisikal at sikolohikal na base" sa pamamagitan ng matinding militarisasyon ng mga komunidad ng katutubo at magsasaka. Sa nakaraang walong taon, katambal nito ang *focused military operations* kung saan pinakikilos ang daan-daan hanggang ilanlibong mga pwersang militar sa masisinsin at malawakang operasyong kombat.

**Karahasan ng RCSP sa Masbate**

Sa isla ng Masbate, ipinailalim sa RCSP ng 22nd IB at 96th IB ang hindi bababa sa 58 barangay sa 12 bayan at syudad mula pa Enero. Sa panahong ito, naitala sa mga bayan na ito ang 36 na kaso ng paglabag sa karapatang-tao. Hindi bababa sa walong magsasaka sa mga barangay na ito ang pinaslang ng mga sundalo.

Laganap sa mga lugar na may RCSP ang pagpapatawag ng militar sa mga upisyal ng barangay. Ipinatatawag din ang mga "surrenderee" na pinasuko noon pang 2021. Itinatayo nito ang samutsaring mga samahan at organisasyon na pinipilit nilang magsagawa ng mga pekeng raling pangkapayapaan kontra sa rebolusyonaryong kilusan. Tinatakot ng militar ang mga residente na kakasuhan kung hindi umaming aktibo sa organisasyon o may kaugnayan sa hukbong bayan.

Para magmukhang katanggap-tanggap, nagpapa-seminar tungkol sa RCSP ang mga lokal na ahensya, nagpapaliga sa kabataan at nagbibigay ng iba pang "serbisyo." Nagpapalabas ang mga sundalo ng mga pelikula ng paninira at *Red-tagging* sa mga progresibong samahan.

Labis na kinamumuhian ng mga residente ang pagpapalaganap nila ng pagsusugal at mga bisyo tulad ng pag-iinom at iba pang anti-sosyal na aktibidad na ginagamit ng militar para makakuha ng impormasyon at makapaniktik. Pinipilit rin ang taumbaryo na sumali sa mga grupong paramilitar, mag-CAFGU o magsilbing aset paniktik.

**RCSP sa komunidad ng Mangyan**

Sa Mindoro, bukod sa dose-dosenang kampo-militar, daan-daang komunidad ang inokupa ng mga pwersang RCSP ng 203rd Brigade at PNP-MIMAROPA. Nagkampo ang mga ito sa gitna o panabihan ng mga baryo ng mga magsasaka at katutubong Mangyan mula pa 2019.

Sinentruhan ng militar ang apat na magkanugnog na barangay sa hangganan ng Oriental Mindoro (Bulalacao) at Occidental Mindoro (San Jose at Rizal). Nasa mga bayan na ito ang mga operasyon ng kwari at pagmimina, at ang Tamaraw Reservation Expansion Project na sasaklaw sa mahigit 100,000 ektaryang lupang ninuno.

Nagpataw ang mga sundalo ng karpyu at iba pang panggigipit. Pinipilit nila ang mga katutubo na sumama sa operasyong kombat para sa "sugsog bakas" sa halagang ₱300 kada araw at ₱500 kapag may natuklasang bakas. Tinatarget nilang irekrut bilang aset paniktik kahit ang mga menor-de-edad.

Isa sa pinakamatagal na RCSP ang kampo sa Sityo Mantay, Barangay Monteclaro sa San Jose na hinimpilan ng mga sundalo mula 2019. Pinapipirma sa *logbook* ang mga naglalabas-masok sa sityo, kahit ang mga residente.

Inaalipin ng mga sundalo ang mga Mangyan bilang tagabili at tagahakot ng suplay. Laganap ang mga kaso ng pagsasamantala at abusong sekswal sa kababaihan.

Matindi ang epekto ng mga operasyong militar sa mental na kalusugan ng mga Mangyan. Dumaranas ng troma ang matatanda at mga bata mula sa mga pambobomba. Troma rin ang dulot ng marahas na interogasyon kung saan tinututukan ng baril o gulok ang mga biktima. Mula 2019, anim na Mangyan-Buhid na ang naiulat na nagpakamatay dahil sa tindi ng tortyur at saywar sa proseso ng interogasyon. AB

## 18,000

**magsasaka sa Bicol** na sinalanta ng 4 na sunud-sunod na bagyo noong Setyembre ang naggigiit ng subsidyo at kumpensasyon mula sa estado para muling makapagtanim.

STARBUCKS WORKERS UNITED

## 500+

na ang naitayong unyon ng mga barista ng **Starbucks** sa US, matapos maigiit nila ang kanilang karapatan sa pag-uunyon at iba pang benepisyo.

## 160 PARTIDO

**kung saan 41 ay bago, ang sasabak sa eleksyon para sa sistemang *party-list* sa 2025 para sa 63 pwesto sa Kongreso.**

Mas kaunti ito kumpara sa eleksyong 2022 kung saan 40% sa kabuuang 177 grupong *partylist* ay kontrolado ng mga dinastisyang pultikal.

## 25%-400%

**ang itinaas sa singil sa paradahan sa pambansang paliparan, kabilang ang sa magdamag na pagparada na sumirit mula ₱300 tungong ₱1,200.**

Ito ay matapos bigyang-laya ang burges-komprador na si Ramon Ang na magtaas ng mga singil sa lahat ng serbisyo sa paliparan nang ipagbili ito sa kanya ng gubyerno.

## 3

**kongresista lamang** sa kabuuang 288 ang bumoto laban sa **₱6.352 trilyong badyet** ni Marcos para sa 2025.

Tinutulan ito ng blokeng **Makabayan** dahil ito'y kontra-mahirap at batbat ng *pork barrel* para sa pangulo.

## 24.95 TONELADA

ng ginto ang ibinenta ng Bangko Sentral noong unang hati ng 2024, pinakamataas sa buong mundo. Dahil dito, lumiit nang 15.69% ang reserbang ginto ng Pilipinas.

## 23 MILYON KILO NG BIGAS

na nagkakahalaga ng **₱500 milyon**, ang sadyang itinengga ng gahamang mga komersyante sa pantalan ng Maynila para ipitin ang suplay nito sa merkado at panatilihing mataas ang presyo.

## 11,000

**migranteng Pilipino**, karamihan mga kasambahay, ang nasa Lebanon at namemeligro ang buhay dulot ng pambobomba ng Zionistang Israel na sinimulan noong Setyembre.

# Andap Valley Complex: Tadtad ng mapangwasak na mga mina

Kasabay ng paglipana ng mga detatsment ng militar ang pagpasok ng maraming kumpanya sa pagmimina sa Agusan del Sur at Surigao del Sur, pangunahin sa mayaman-sa-mineral na Andap Valley Complex. Pinagmamay-ari ang mga minahang ito ng pinakamalalaking kumprador, kasosyo ang malalaking dayuhang kumpanya.

Alinsunod sa Mines and Geosciences Bureau noong Agosto, hindi bababa sa 13 Mineral Production Sharing Agreement ang iginawad ng pambansa at lokal na gubyerno sa mga kumpanya para magmina sa iba't ibang bahagi ng Agusan del Sur at Surigao del Sur. Mayroon din itong ibinigay na apat na *exploratory permit*, tatlong *small scale mining contract*, dalawang minahang bayan, isang *special mines permit* at isang *mineral processing permit*.

Kabilang sa mga may pinakamasaklaw na operasyon ang Marcventures Mining and Development Corporation (kabuuang 9,659 ektarya), CTP Construction & Mining Corporation (8,452 ektarya), Ludgoron Mining Corporation (2,062 ektarya), Kafugan Mining, Inc (1,186 ektarya), Philsaga Mining Corporation, (8,548 ektarya), Philex Gold Philippines, Inc. (6,207 ektarya) at Consolidated Ores Philippines, Inc (1,953 ektarya). Ang Marcventures at katambal nitong Bright Kindle Resources & Investments, Inc. ay bahagi ng RYM Business Management Corporation na pagmamay-ari ng pamilya ni House Speaker Martin Romualdez.

Noong Hulyo, nagsumite ng dagdag na aplikasyon sa pagmimina ang Benguet Corporation na pag-aari rin ng mga Romualdez para magmina ng karbon sa mga bayan ng San Miguel, Marihatag at Tago. Humingi ito ng lisensya para saklawin ang 12 "coal block" sa lugar, katumbas ng 12,000 ektarya. Kontrolado ng mga Romualdez ang Benguet Mining mula pa sa panahon ng diktadurang Marcos Sr. Kasosyo nito ngayon ang kumpanyang Amerikano na Rothschild Investment LLC.

Kasosyo naman ng Philex Mining, pag-aari ng malaking burgesyang si Enrique Razon, ang Medusa Mining Limited, isang kumpanyang Australian. Isang kumpanyang Australian din (Ten Sixty Four Limited) ang kasosyo ng Philsaga Mining, na pag-aari ng dating mga sundalo at paramilitar.


Ang Benguet Corporation ay isa sa mga kumpanyang nakinabang, kundiman nagtulak, sa brutal na militarisasyon sa Andap Valley Complex. Ang iba pang kumpanya ay ang Abacus Coal Exploration and Development Corp, at ang kasosyo nitong Oriental Vision Mining Philippines (ORVI) Corp ng pamilyang Zamora. Saklaw ng aplikasyon ng ORVI at Abacus ang 5,000-ektaryang kagubatan sa AVC. Ang iba pang kumpanya ay ang Great Wall Mining and Power Corp na isang kumpanyang Chinese; ASK Mining and Exploration Corp na noon pang 2009 ginawaran ng permit para sa eksplorasyon; at ang CoalBlack Mining Corp.

Matatagpuan sa Andap Valley ang isa sa pinakamalaking reserbang karbon sa buong mundo. Saklaw nito ang magkanugnog na bayan ng San Miguel, San Agustin, Marihatag, Cagwait, Tago at Lianga sa Surigao del Sur.

Sa loob ng mahabang panahon, napigilan ang pandarambong ng mga kumpanyang ito sa Andap Valley dahil sa mahigpit na pagtutol ng masang Lumad, at pagtanggi nilang magbigay ng kanilang *free and prior informed consent*. Mula 2015, ipinailalim ang San Miguel, San Agustin, Marihatag, Cagwait, Tago at Lianga sa brutal na paghaharing militar para supilin ang paglaban ng mga Manobo at Mamanwa, at pwersahin silang bitawan ang kanilang karapatan sa kanilang lupang ninuno.

Kabilang sa mga krimen ng militar ang mga masaker sa Lianga noong 2015 at 2021. Biktima ng unang masaker sina Emerito Samarca, *executive director* ng Alternative Learning Center for Agricultural and Livelihood Development (Alcadev); Dionel Campos, pinuno ng lokal na organisasyon ng mga magsasaka na Mapasu; at myembro nitong si Datu Juvello Sinzo. Dahil sa masaker, napilitan noon na magbakwit ang 3,000 Lumad. Dalawang magsasakang Lumad at isang 12-taong gulang na estudyante ang biktima ng pangalawang masaker.

Sa mga sumunod na taon, ilang beses pang napilitang magbakwit ang mga residente dahil sa walang awat na pamamaslang at militarisasyon. Sa utos ng noo'y rehimeng Duterte, tinarget ng militar ang mga paaralang Lumad na pinatatakbo ng mga lokal na komunidad. Kalaunan, napilitang magsara ang mga eskwelahang ito at hanggang ngayon ay hindi pa muling nabubuksan.



# Pandaigdigang kongreso kontra pasismo at neopasismo, inilunsad sa Venezuela

Hindi bababa sa 1,200 delegado, kabilang ang 500 indibidwal mula sa 95 bansa ang dumalo sa inilunsad na kauna-unahang "Congreso Mundial contra el Fascismo, el Neofascismo y Expresiones Similares" (Pandaigdigang Kongreso laban sa Pasismo, Neopasismo at mga Katulad) sa Caracas, Venezuela noong Setyembre 10-11. Isa sa mga inimbitahan at dumalo rito ang National Democratic Front of the Philippines (NDFP).

Mula sa Venezuela, dumalo ang mga lider panlipunan at pampulitika ng 23 estado at 3,900 konseho ng mga komuna (mga lokal na organo ng pamamahala na nakabase sa mga organisasyong pampayanan). Kasama rin ang mga organisasyong masa, kilusang panlipunan, mga akademiko at intelekwal, organisador at mga aktibista mula sa Latin America, Carribean, Asia, Africa, Middle East, Europe, United States, at Canada. Naroon din ang mga diplomatikong kinatawan ng gubyerno ng Cuba, Nicaragua, Bolivia, People's Republic of China at Federal Russian Republic.

"Malugod na pinaunlakan ng NDFP ang imbitasyon ng anti-imperyalistang gubyerno ng Venezuela dahil na rin sa malaking potensyal na makausap at makasalamuha ang mga gubyerno, pambansang kilusang mapagpalaya at mga organisasyong masa na lumalaban kontra sa imperyalismong US at mga kaalyado nito na pawang mga delegado rin sa nasabing kongreso," kwento ng kumatawan sa NDFP sa pagtitipon. Sa nakaraang mga taon, regular na nakikipag-ugnayan ang gubyerno ng Venezuela sa NDFP at lagi nitong tinitiyak na may kinatawan ito sa mga aktibidad na idinadaos sa bansa.

Ang pagdalo ng NDFP ay ng pakikiisa rin ng rebolusyonaryong kilusang Pilipino sa gubyernong Maduro laban sa patuloy na pang-aatake ng imperyalismong US.

Kasama ng Cuba, isa ang Venezuela sa mga pangunahing pwersa sa Latin America na lumalaban sa imperyalismong US. Sa mahabang panahon, bigo ang imperyalismong US na patumbahin ang anti-imperyalistang estado nito sa mga inilunsad nitong agresyon tulad ng mga pakanang kudeta, asasinasyon, nakalulumpong mga sangsyon sa ekonomya, at pakikialam sa mga halalan. Nais ng US na baligtarin ang nasyunalisasyon ng mga susing industriya ng Venezuela, pangunahin ang industriya ng langis. Nais din ng US na tanggalin ang iba pang makamasang patakaran na ipinatupad ng dati nitong presidente na si Hugo Chavez, na pinapaunlad ng kasalukuyang gubyerno ni Nicolás Maduro. Gumagampan ng mahalagang papel ang gubyernong Maduro sa pagbubuo ng isang malawak na nagkakaisang prente laban sa imperyalismong US sa Latin America at Carribean.

Idinaos ang kongreso sa harap ng nagpapatuloy na paglaban ng mamamayang Venezuelan sa pakikialam ng US sa nagdaang eleksyon, kung saan nanalo si Maduro sa pangatlong pagkakataon. Sa paglaban na ito, muling ipinamamalas ng mamamayang Venezuelan ang kanilang katatagan para ipaglaban ang kanilang soberanya at karapatan laban sa mga dayuhang panghihimasok.

"Mayor na resolusyon ng kongreso ang pag-unawa na ang imperyalismong US at ang mga alyado nito ang komun na kaaway ng mamamayan sa buong mundo," ayon sa kinatawan ng NDFP. "Napagkaisahan dito ang pangangailangan para sa mga pinagsasamantalahan at inaaping mamamayan na labanan ang pandaigdigang *trend* ng pasismo na bunsod ng krisis ng imperyalismo."

Itinatag dito ang International Anti-Fascist Front na magsisilbing bagong pandaigdigang alyansa na tututok sa paglaban sa pasismo. Layunin nitong pag-isahin ang mga pagsisikap ng iba't ibang bansa at komunidad para labanan ang mga banta ng mga ekstremistang ideolohiya.

"Isang internasyunal na kampanya laban sa imperyalistang interbensyon at panunupil ang ilulunsad ng mga dumalo," ayon sa kinatawan. "Kapaki-pakinabang pareho sa mga Venezuelan at Pilipino ang pagbubunyag at paglaban sa imperyalismong US. Maliban sa mutwal na suportang pulitikal, maari ring mapaunlad pa ang ibang porma ng pagtutulungan."

Habang nasa bansa, binisita ng mga delegado ang mga komuna na nangangasiwa sa produksyon sa agrikultura, gawang-kamay at iba pang produksyon ng elektronikong mga gadyet. Ipinamalas dito ang kakayahan ng Venezuela na itaas ang lokal na produksyon ng mga produktong pangkonsumo sa harap ng nakapipilay na mga sangsyon ng US at European Union.

Mainit na tinanggap ng maraming Venezuelan at delegado ng kongreso sa NDFP. "May ilang nagpahayag na bilib sila sa Communist Party of the Philippines," kwento niya. AB

